

Paglilipat

Kapag lumipat ang dayuhan mula sa ibang lungsod o bayan, kailangan ang Sertipiko ng Paglipat na inisyu ng dating lungsod o bayan.

Hindi kailangang magsumite ng sertipiko para sa pagbibigay-abiso sa paglipat ang mga dayuhang nandito sa bansang Hapon sa maikling panahon, o ang panahon sa pagtira sa bansang Hapon ay 3 buwan o mas maikli pa.

- Ang panahon sa pagbibigay ng abiso ay sa loob ng 14 na araw
- Ang magsusumite ay ang tao mismo o isang taong nakatira sa parehong sambahayan
Isang Power of Attorney ang kinakailangan kung taong iba sa nakasulat sa itaas ang magsusumite ng sertipiko.
- Isusumite ito sa Counter ng Citizen's Section ng City Hall.
Hindi ito masusumite sa sangay na tanggapan (branch office) o service center.
- Ang mga kinakailangang dokumento sa pagsusumite ng sertipiko ay ang Sertipiko sa Paglipat (iniisyu ng lungsod o bayan kung saan na nakatira noon),
Resident Card o Special Permanent Resident Certificate o Espesyal na Sertipiko ng Permanenteng Residente (kabilang ang Alien Registration Card na itinuturing na Resident Card o Special Permanent Resident Certificate) ng lahat ng mga dayuhang lumipat.

*Kung nawala mo ang iyong card, o kung lampas na sa petsa ng pagkawalang-bisa ng card, kailangan mong mag-apply para sa muling pag-isyu o pag-renew ng card, alinman ang nababagay para sa iyong sitwasyon.

Kung dala mo ang iyong Sertipiko sa Paglipat, maaari mong unahin ang pagsumiteng alinsunod sa Basic Resident Registration System Law.

Ang Basic Resident Registration Card (Upang palitan ang data sa IC chip sa bagong lugar na tinitirhan, kailangan ang PIN ng Basic Resident Registration card) ng lahat ng taong mayroong Basic Resident Registration Card.

Mga card ng lahat ng taong may My Number Notification Card, Personal Number Card

Seal (inkan) ng taong nagsusumite ng sertipiko (Hindi tinatanggap ang stamp. Kung dayuhan ang nagsusumite ng sertipiko, maaaring tanggapin ang lagda)

Mga dokumento o card na magkukumpirma sa pagkakakilanlan ng taong nagsusumite ng sertipiko (Resident Card, Special Permanent Resident Card, Alien Registration Card, Lisensiya sa Pagmamaneho, pasaporte, atbp.)

Mga Dokumento o Card na Magpapatunay ng Relasyon

*Kung ang pinuno ng bagong sambahayan (household) ay isang dayuhan at may dayuhang miyembro sa sambahayan

Halimbawa 1: Kung lilipat sa isang sambahayan kung saan ang pinuno ay isang dayuhan, kailangan ang dokumento na makakapagkumpirma sa relasyon sa pinuno ng sambahayan

Halimbawa 2: Kung ang taong lilipat ay lilipat bilang pinuno ng sambahayan sa isang sambahayang may miyembrong dayuhan, kailangan ang dokumento na makakapagkumpirma sa kung may relasyon sa pagitan ng bagong pinuno ng sambahayan at mga miyembro na nakatira na sa sambahayan.

Halimbawa 3: Kung ang miyembro ng sambahayan bago lumipat ay naging pinuno ng bagong lilipatang sambahayan at may dayuhan sa sambahayang ito, kailangan ang dokumento na makakapagkumpirma sa relasyon sa bagong pinuno ng sambahayan.

(Tandaan) Ang dokumentong magkukumpirma sa relasyon katulad ng Sertipiko ng Kapanganakan at Sertipiko ng Kasal ay nasa dayuhang wika, kailangan ng katumbas na dokumentong nakasalin sa wikang Hapon.

*Kung ang parehong miyembro ng sambahayan bago ang paglipat ay lilipat kasama ng parehong pinuno ng sambahayan, hindi kailangan ang dokumentong magkukumpirma sa relasyon.

*Kung walang dokumento na makakakumpirma sa relasyon, ang pansamantalang relasyon ay magiging “May Personal na Relasyon”, at babaguhin ang relasyon sa panahong maipapakita na ang dokumentong makakakumpirma sa relasyon,

- Mangyaring dalhin ang sumusunod na mga dokumento.
 - National Health Insurance Card (Kard sa Pambansang Segurong Pangkalusugan)
 - National Pension Card (para sa mga taong nagpatala dito noong nasa dating tahanan pa siya nakatira)
 - Latter-stage Elderly Healthcare System Insurance Card (Kard sa Seguro ng Sistema sa Pangangalaga ng Kalusugan para sa Mga Matatandang Nasa Huling Yugto na ng Buhay) (Kung lumilipat mula sa ibang prefecture, ang Copayment Category Certificate o Sertipiko sa Kategoryang Copayment)
 - Long-Term Care Insurance Receipt Qualification Certificate (Sertipiko sa Kuwalipikasyon sa Pagtanggap ng Seguro para sa Pangmatagalang Pangangalaga ng Kalusugan) (Para sa mga taong nabigyan ng akreditasyon sa dating tahananang tinirhan)

*Kung walang Sertipiko sa Paglipat, Resident Card, atbp., at inaasahang lalagpas sa itinakdang panahon sa pagsusumite ng sertipiko bago makuha ang mga ito, kumpirmahing ang pagiging Medium and Long-term Resident/Special Permanent Resident at isagawa muna ang sumusunod na pag-aabiso. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin para sa payo.

- Kung walang Sertipiko sa Paglipat: Magsusumite ng Abiso na may Kaugnayan sa Ministry of Justice
- Kung walang Resident Card, atbp.: Magsusumite ng Abiso na may Kaugnayan sa Ministry of Internal Affairs and Communication (Basic Resident Registration System Law o Batas para sa Sistema sa Batayang Pagrerehistro ng Residente)



Paglipat mula sa Ibang Bansa

Kapag ang isang dayuhan ang lumipat mula sa ibang bansa, hindi kailangang magsumite ng sertipiko para sa pagbibigay-abiso sa paglipat ang dayuhang nandito sa bansang Hapon sa maikling panahon, o ang panahon sa pagtira sa bansang Hapon ay 3 buwan o mas maikli pa.

- Ang takdang panahon para sa pagsusumite ay para sa kapwa Pagsumite ng Abiso na may Kaugnayan sa Ministry of Internal Affairs and Communication (Pagsusumite ng Abiso na alinsunod sa Basic Resident Registration System Law o Batas para sa Sistema sa Batayang Pagrerehistro ng Residente) at Pagsusumite ng Abiso na may Kaugnayan sa Ministry of Justice (Pagsusumite ng Abiso na alinsunod sa Immigration Control Act, Notification by Immigration Control Act o Batas sa Pagkontrol ng Imigrasyon at Mga Espesyal na Probisyon sa loob ng Immigration Control Act).

Sa loob ng 14 na araw mula sa pagpasok ng bansa at pagtakdan ng tirahan sa Lungsod ng Seto

- Ang magsusumite ay ang tao mismo o isang taong nakatira sa parehong sambahayan
 - * Isang Power of Attorney ang kinakailangan kung taong iba sa
- Isusumite ito sa Counter ng Citizen's Section ng City Hall.
Hindi ito masusumite sa sangay na tanggapan (branch office) o service center.
- Ang mga kinakailangang dokumento sa pagsusumite ng sertipiko ay ang Resident Card (pasaporte para sa mga taong nalagyan ng "sa paglipas ng ilang araw" ang kanilang Resident Card sa panahon ng pagpasok ng bansang Hapon
 - *Sa kaso ng re-entry, Resident Card o Special Permanent Resident Certificate o Espesyal na Sertipiko ng Permanenteng Residente, pasaporte
 - *Kabilang ang Alien Registration Card na itinuturing na Resident Card o Special Permanent Resident Certificate
- Ang taong may My Number Notification Card, Personal Number Card ay maaaring mapaikli ang kanyang oras sa pagpoproseso kung dala niya ang mga ito.
- Seal (inkan) ng taong nagsusumite ng abiso (Hindi tinatanggap ang stamp. Kung dayuhan ang nagsusumite ng sertipiko, maaaring tanggapin ang lagda), mga dokumento o card na magkukumpirma sa pagkakakilanlan ng taong nagsusumite ng abiso (Resident Card, Special Permanent Resident Card, Alien Registration Card, Lisensiya sa Pagmamaneho, pasaporte, atbp.)

Mga Dokumento o Card na Magpapatunay ng Relasyon (kung kailangan ang mga dokumento o card na magpapatunay ng relasyon)

*Kung ang pinuno ng bagong sambahayan (household) ay isang dayuhan at may dayuhang miyembro sa sambahayan

Halimbawa 1: Kung lilipat sa isang sambahayan kung saan ang pinuno ay isang dayuhan, kailangan ang dokumento na makakapagkumpirma sa relasyon sa pinuno ng sambahayan

Halimbawa 2: Kung ang taong lilipat ay lilipat bilang pinuno ng sambahayan sa isang sambahayang may miyembrong dayuhan, kailangan ang dokumento na makakapagkumpirma sa kung may relasyon sa pagitan ng bagong pinuno ng sambahayan at mga miyembro na nakatira na sa sambahayan.

Halimbawa 3: Kung ang miyembro ng sambahayan bago lumipat ay naging pinuno ng bagong lilipatang sambahayan at may dayuhan sa sambahayang ito, kailangan ang dokumento na makakakumpirma sa relasyon sa bagong pinuno ng sambahayan.

(Tandaan) Ang dokumentong magkukumpirma sa relasyon katulad ng Sertipiko ng Kapanganakan at Sertipiko ng Kasal ay nasa dayuhang wika, kailangan ng katumbas na dokumentong nakasalin sa wikang Hapon.

*Kung walang dokumento na makakakumpirma sa relasyon, ang pansamantalang relasyon ay magiging

“May Personal na Relasyon”, at babaguhin ang relasyon sa panahong maipapakita na ang dokumentong makakakumpirma sa relasyon,

Panganganak

Kapag ipinanganak ang sanggol, pareho lang ang proseso nang kung ang ipinanganak ay isang Hapon.

- Ang takdang panahon sa pagsumite ng abiso ay sa loob ng 14 na araw pagkatapos ipangangak
- Paglikha ng Certificate of Residence (Sertipiko ng Pagkaresidente)
Kung naitakda na ang address sa Lungsod ng Seto, lilikhain namin ang Certificate of Residence.
Kung naitakda ang address sa labas ng Lungsod ng Seto, ipapadala ang kopya ng Sertipiko ng Kapanganakan sa address ng lungsod o bayan na iyon, kung kaya't doon lilikhain ang Certificate of Residence.

Kung sa ibang lungsod o bayan inisyu ang Sertipiko ng Kapanganakan, ipapadala sa Lungsod ng Seto sa kopya ng Sertipiko ng Kapanganakan kaya't hindi na kailangang muling magproseso sa City Hall ng Lungsod ng Seto.
- Ang magsusumite ay ang ama o ina ng bata *Ang abiso na may lagda o seal ng taong nagsumite ay maaaring isumite ng isang mensahero.
- Isusumite ito sa tanggapan ng munisipyo o City Hall ng iyong address o ng lugar kung saan ipinanganak ang bata.
*Maaaring hindi matanggap ng tanggapang ito ang abiso sa labas ng mga oras na bukas ang tanggapan.
- Ang mga kinakailangang dokumento sa pagsusumite ng abiso ay Sertipiko ng Kapanganakan (may katibayan ng doktor o midwife sa kalahating kanan ng Sertipiko ng Kapanganakan), personal na inkan (seal) ng taong nagsusumite (Hindi tinatanggap ang stamp. Kung dayuhan ang nagsusumite ng sertipiko, maaaring tanggapin ang lagda). Dapat dalhin ang parehong inkan (seal) na ginamit sa dokumento ng abiso.
- Mother and Child Health Handbook
- Kung dala mo ng mga sumusunod na dokumento, dalhin ang mga ito sa City Hall sa loob ng mga oras na bukas ang tanggapan.
(Medikal na Pangangalaga ng Bata) ... Health Insurance Card ng taong nag-aalaga o nagpapalaki sa batang ipinanganak
(Allowance para sa Bata) ... Mangyaring kumpirmahin sa Seksiyon ng Bata at Pamilya dahil iba't iba ang mga dokumentong kailangang dalhin.
*Kapag magsusumite ng abiso sa lugar na labas ng Lungsod ng Seto, mangyaring kumpirmahin sa kinauukulan dahil maaaring iba ang mga dokumentong kailangang dalhin.

Mga Bagay na Tatandaan

<Tungkol sa Status of Residence o Katayuan ng Pagiging Residente>

- Mangyaring kunin ang Status of Residence sa Kawanihan ng Immigrasyon sa loob ng 30 araw mula nang ipinanganak ang sanggol.
Hindi kasama dito ang mga batang lalabas sa bansang Hapon sa loob ng 60 araw.

- Kung ikaw ay isang Special Permanent Resident, mangyaring mag-apply sa Klerk ng Citizen's Section.
- *Kung hindi makukuha ang Status of Residence, patakaran na buburahin ang Certificate of Residence kung lumampas sa 60 araw pagkatapos na ipinanganak ang sanggol.
- *Dagdag pa rito, magsumite rin ng Sertipiko ng Kapanganakan sa iyong embahada/konsulado ng iyong bansa.
- *Ang My Number Notification Card ng ipinanganak na sanggol ay ipapadala sa korea mga ilang araw ang dadaan.

Kamatayan

- Kapag may namatay sa iyong pamilya, pareho lang ang proseso nang kung ang namatay ay isang Hapon.
 - Ang takdang panahon sa pagsumite ng abiso ay 7 araw pagkatapos na malaman na patay na ang tao.
- <Pagsasauli ng Resident Card, atbp.>
- Kapag namatay ang dayuhan, kailangang isaui ang Resident Card, atbp. sa Minister of Justice.
- * Padadalhan
Odaiba Office, Tokyo Immigration Bureau,
9th Floor, Tokyo Port Joint Government Bldg.
2-7-11 Aomi, Koto-ku, Tokyo 135-0064
- Ang magsusumite ay kapamilyang nakatira sa tirahan ng namatay
 - Isusumite ito sa munisipyo o City Hall ng tirahan ng namatay, ng tirahan ng magsusumite ng abiso, o kung saan namatay ang tao.
 - Ang mga kinakailangang dokumento sa pagsusumite ng abiso ay ang Abiso ng Pagkamatay (may katibayan ng doktor sa kalahating kanan ng Sertipiko ng Kapanganakan), personal na inkan (seal) ng taong nagsusumite (Hindi tinatanggap ang stamp. Kung dayuhan ang nagsusumite ng sertipiko, maaaring tanggapin ang lagda).
 - Mga Bagay na Tatandaan
Ito ay halimbawa ng mga kasong ipinadala sa Lungsod ng Seto.
Kung pinuno ng sambahayan ang taong namatay, ang mga dokumento o card na magpapatunay sa relasyon ay maaaring kakailanganin sa paglipas ng ilang araw.
 - Mga Dokumento o Card na Magpapatunay ng Relasyon
<Kung kailangan ang mga dokumento o card na magpapatunay ng relasyon>
 - *Kung namatay ang pinuno ng sambahayan, at dayuhan ang magiging bagong pinuno ng sambahayan, at makikitang may dayuhang miyembro ng sambahayan.
(Tandaan) Ang mga dokumento o kard na magpapatunay ng relasyon ay Sertipiko ng Kapanganakan, Sertipiko ng Kasal, atbp.
 - *Kung nasa wikang dayuhan, kailangan ng katumbas na dokumentong nakasalin sa wikang Hapon.
 - *Kung walang dokumento na makakakumpirma sa relasyon, ang pansamantalang relasyon ay magiging “May Personal na Relasyon”, at babaguhin ang relasyon sa panahong maipapakita na ang dokumentong makakakumpirma sa relasyon
 - *Mangyaring magtanong nang maaga para sa mga detalye.

- Kung dala mo ng mga sumusunod na dokumento, dalhin ang mga ito sa City Hall sa loob ng mga oras na bukas ang tanggapan. Maaaring kakailanganin ito sa mga pagpoproseso at pagsasauli kapag nangyari ang kamatayan.
 - National Health Insurance Card (Kard sa Pambansang Segurong Pangkalusugan)
 - Latter-stage Elderly Healthcare System Insurance Card (Kard sa Seguro ng Sistema sa Pangangalaga ng Kalusugan para sa Mga Matatandang Nasa Huling Yugto na ng Buhay)
 - Long-Term Care Insurance Receipt Qualification Certificate (Sertipiko sa Kuwalipikasyon sa Pagtanggap ng Seguro para sa Pangmatagalang Pangangalaga ng Kalusugan)
 - Welfare and Medical Service Recipient Card (Kard ng Tatanggap ng Benepisyong Pangkabutihan sa Medikal na Serbisyo (medikal na pangangalaga ng bata, atbp.
 - Sertipiko sa Pisikal na Kapansanan
 - Public Assistance Recipient Certificate (Sertipiko ng Tatanggap ng Tulong Mula sa Pamahalaan)
 - Sertipiko sa Pagpaparehistro ng Inkan (Seal) (uring card)
 - Basic Resident Registration Card

